ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXIV Blg. 3
Marso 7, 2003
www.philippinerevolution.org



Editoryal

Agresyong US, BIGUIN

Ang bantang agresyong militar ng US ay tanda ng lalong pagkabulok ng naghaharing sistema

Kasabay ng pang-uupat ng gerang agresyon ng US sa Iraq, walang tigil ang mga maniobra at pakana ng sabwatang US at papet na rehimeng Macapagal-Arroyo upang lalong palalain ang panghihimasok militar ng US laban sa rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas.

Sa harap nito, lalong lumalakas ang pagtutol at paglaban ng mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan. Kasabay ito sa lumala-

Sundan sa "Agresyong US...," pahina 2

Mula sa Komite Sentral

AB, dalawang beses bawat buwan

Simula ngayong Marso, ilalabas ng Komite Sentral ang pahayagang *Ang Bayan (AB)* nang dalawang beses kada buwan.

Ang desisyong ito ay nakabatay sa pagkilala sa mahalagang papel na ginagampanan ng *AB* bilang regular na pampulitikang pahayagang pangmasa at pangunahing daluyan ng propaganda ng Partido.

Kaugnay nito, humahalaw tayo ng inspirasyon mula sa alaala ni Kasamang Antonio Zumel, komunistang peryodista, at dating punong patnugot ng *AB*.

Sa nakaraang mga taon, ginamit ng Partido ang *AB* upang matalas na ilantad at labanan ang sunud-sunod na anti-mamamayan at maka-imperyalistang papet na rehimen at ang kabuuan ng baon-sa-krisis na naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal. Kaugnay ng mga ito, naging instrumento ang *AB* sa paglilinaw ng mga tungkulin sa pagpapalakas ng Partido at rebolusyonaryong kilusan at pagsusulong ng kilusang masa, nagkakaisang prente at armadong pakikibaka.

Kailangang-kailangan ang madalas at napapanahong paglabas ng *AB* upang maagap na mailinaw ng Partido ang mga pagsusuri, paninindigan, patakaran at panawagan nito sa harap ng mabilis na nagbabagong mga usaping pambansa at pandaigdig at lalong bumibilis na kumpas ng rebolusyonaryong kilusan.

Sundan sa "AB...," pahina 4

"Agresyong US...," mula sa pahina 1

wak na pagtutol ng mamamayan sa Pilipinas at buong daigdig laban sa balak na pagsalakay ng US sa Iraq.

Bunsod ng malawakang pagtutol, buong-kahihiyang napaatras ang Malakanyang at US sa unang plano nitong papasukin nitong Pebrero ang mga tropang Amerikano sa Sulu, gamit ang Balikatan 03-1 at sa ngalan ng paglaban sa Abu Sayyaf.

Sa harap nito, bumuo ng isang iskema ang US State Department at Malakanyang upang lunurin ang mga sigaw ng pagtutol sa todotodong teroristang digma at laban sa deployment ng mga tropang Amerikano. Pinagkaisahan ang planong ito ni Gen. Angelo Reyes at Defense Secretary Donald Rumsfeld ng US.

Upang palabasing kinakailangan ang pagpapaigting ng digma at ang "tulong ng Amerika," naghahasik ngayon ang AFP ng isang madugong kampanya ng teror kasabay ng pampulitikang kampanya upang palabasing kailangan ang tulong ng US.

Kabilang sa pakanang ito ang pagpapasabog sa Davao International Airport noong Marso 4, na ikinamatay ng mahigit 20 inosenteng sibilyan at ikinasugat ng mahigit 100 pa. Kagyat pagkatapos nito, mabilis na pinaratangan ng AFP ang MILF at BHB. Mabilis ding nag-alok ng "tulong" ang US na tinugon naman ng koro ng AFP at mga pulitikong sumasamong papasukin ang mga tropang Amerikano.



Matagal nang kating-kati ang rehimeng Macapagal-Arroyo at amo nitong imperyalismong US na tuwirang ituon ang mga pwersang US laban sa rebolusyonaryong kilusan. Mismong si Macapagal-Arroyo ang unang naggiit na ilunsad ang Balikatan 03-1 sa Timog Katagalugan, kung saan matitingkad ang tagumpay ng rebolusyonaryong kilusan. Ang inianunsyong balak na isagawa ang Balikatan 03-1 sa Mindoro Occidental ay maaaring ituring na isang akto ng probokasyon ng mga dayuhang tropa sa rebolusyonaryong kilusan.

Sa kasalukuyan, mayroong di kukulangin sa 1,300 interbensyunistang tropang Amerikano na nasa iba't ibang bahagi ng Pilipinas para sa umano'y mga pagsasanay. Subalit ang talagang pangmatagalang layunin nila ay maghanda para sa tuwirang pagsabak sa digmang kontra-gerilya laban sa BHB at MILF.

Isa sa mga posibilidad na pinagpaplanuhan ng US at ng papet nitong rehimen ay ang paglulunsad ng malakihang agresyong militar na katulad noon sa Vietnam. Sa harap ng patuloy na paglawak at paglakas ng rebolusyonaryong kilusan, nagmamadali ang reaksyunaryong rehimen na paigtingin ang digma. Desperado ito sa tulong at tuwirang paglahok ng militar ng US.

Hirap na hirap ang sabwatang Bush-Arroyo na isagasa ang kanilang mga plano para sa pagpapatindi ng interbensyong militar ng US sa harap ng lalong lumalakas at lumalawak na pagtutol dito.

Ang unang planong tuwirang ideploy sa kombat sa Sulu ang mga tropang Amerikano ay mariing ti-

ANG Bayan
Taon XXXIV Blg. 3 Marso 7, 2003

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa *www.philippinerevolution.org*.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa *editors_angbayan@yahoo.com*

Nilalaman

Editoryal **1**
AB, 2 beses bawat buwan **1**
Usapang pangkapayapaan, ibinasura na ng GRP **3**
Gerilyang digma ng MILF **4**
Mga tagumpay ng *AB* **5**
Lumalaking sagka **6**
Tutol ang daigdig sa gera **7**
Mga tampok na pagkilos **8**
Pagkilos sa Luneta **9**
AGILE: Galamay ng US **9**
Mga opensiba ng BHB **11**
Balita **12**

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

nuligsa ng iba't ibang sektor, mga senador at kongresista. Idineklara itong "pinakaimbing anyo ng pagtataksil" ng rehimeng Macapagal-Arroyo. Hindi mabigyan ng katanggap-tanggap at ligal na batayan ang pagsabak sa kombat ng mga tropang Amerikano kahit pa gamiting dahilan ang gera laban sa Abu Sayyaf.

Tinuligsa rin ito ng mamamayan ng Sulu. Sinariwa nito ang mga alaala ng malupit na karahasang sinapit ng mamamayan sa isla sa kamay ng mga mapanakop na tropang Amerikano noong 1901 at muling nagtaas ng kanilang kamulatan laban sa dayuhang pananakop.

Nakahanda ang mamamayan at rebolusyonaryong kilusan na labanan ang mga hakbangin tungo sa tuwirang armadong agresyon ng US sa Pilipinas. Hindi matatakot ang mamamayan at rebolusyonaryong kilusan sa banta ng isang nabubulok na rehimen at ng imperyalistang lugmok sa krisis. Sa iba't ibang bahagi ng Mindanao, nakahanda ring ubos-kayang lumaban ang mamamayang Moro. Ang mga tropang Amerikanong manghihimasok sa Sulu, anila, ay pagbabayarin sa kanilang mga utang na dugo.

Ang rebolusyonaryong kilusan, higit kailanman, ay mabilis na sumusulong at lumalakas. Upang biguin ang imbing pakana ng rehimeng US-Macapagal-Arroyo, handa nitong suungin ang lahat ng larangan ng pakikibaka: armado at di armado, ligal at iligal, hayag at lihim, sa kanayunan at kalunsuran, sa loob at labas ng bansa.

Ang paglala ng interbensyong militar at ang lumalaking panganib ng tahasang agresyong militar ng US ay tanda ng malaking ibayong pagsahol ng bulok na malakolonyal at malapyudal na sistema.

Lalabanan ng mamamayan at rebolusyonaryong kilusan ang bawat pakana ng rehimeng US-Macapagal-Arroyo na ipatupad at palawakin ang panghihimasok-militar ng US. At sakaling tuwirang maipatupad ang agresyong militar, ubos-kaya itong lalabanan hanggang maitaboy ang mga mapanalakay na tropang Amerikano. AB

Usapang pangkapayapaan, ibinasura na ng GRP

Sa harap ng papatinding interbensyong militar ng US, lalong lumalakas ang loob ng papet na rehimeng Macapagal-Arroyo na ipatupad ang makadayuhan at militaristang mga hakbangin. Kabilang sa mga "kaswalti" nito ang usapang pangkapayapaan kapwa sa NDFP at MILF.

Sa kaso ng NDFP, ikinategoryang "terorista" ng reaksyunaryong gubyerno ang PKP, BHB at si Kasamang Jose Ma. Sison, na labag sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees, ang kasunduang nagbibigay-katiyakan sa seguridad ng mga sangkot sa usapan. Kasabay nito, ikinampanya rin sa gubyernong US at mga gubyerno sa Europe na isama si Kasamang Sison at ang PKP at BHB sa listahan ng "foreign terrorist organizations." Layunin nito na gipitin ang mga rebolusyonaryong pwersa upang pumayag ang mga ito na lumagda sa "final peace agreement" na walang ibang isinasaad kundi pagsasalong ng armas at pagsuko ng buong rebolusyonaryong kilusan.

Ang pagtanggi ng Malakanyang na bawiin ang pagkakategoryang terorista sa rebolusyonaryong kilusan at patuloy na paggigiit dito na sumuko sa halip na lutasin sa hapag ng negosasyon ang mga ugat ng gera sibil sa Pilipinas ang siyang sumasagka sa usapang pangkapayapaan. Idineklara ng Malakanyang ang walang taning na suspensyon ng usapang pangkapayapaan bilang hakbang sa tuluyang pagbabasura nito.

Halos ganito rin ang ginawang pagmamaniobra ng rehimen upang ibasura ang kasunduang tigil-putukan at usapang pangkapayapaan sa Moro Islamic Liberation Front (MILF). Simula Pebrero 11, apat na araw na binugbog ng matitinding operasyong militar ang Liguasan Marsh sa North Cotabato at Maguindanao, labag sa umiiral na kasunduang tigil-putukan sa pagitan ng GRP at MILF.

Inilunsad ng AFP ang mga operasyon upang pwersahin ang MILF na tanggapin ang mga probisyon ng kasunduang inihanda ng rehimen sa balangkas din ng pagsuko ng MILF. Tulad sa NDFP, ipinataw ng GRP ang ultimatum sa MILF: kung hindi papayag ang MILF sa panukalang balangkas ng usapan, itituring itong "terorista" at patitindihin ang mga atake laban dito. Sa harap ng gayong katinding pang-iinsulto at pagtalikod sa kasunduang tigil-putukan, idineklara ng MILF na tapos na ang usapang pangkapayaan at panahon na para sa gerilyang kontra-opensiba laban sa AFP. AB

Gerilyang digma laban sa AFP, inilunsad ng MILF

"Sinukol tayo, kaya...lahat ng may sandata ay dapat lumaban hanggang kamatayan," ang buod ng 30-minutong panawagan sa mamamayang Moro noong Pebrero 24 ni Hashim Salamat, tagapangulo ng Moro Islamic Liberation Front (MILF) . Sa kanyang pahayag sa radyo, madamdaming binigkas ni Salamat na kailangang magbuwis ng buhay. Sa ganitong paraan lamang, aniya, maaangkin ang kalayaang mithi ng mamamayan ng Bangsamoro.

Ang mensahe ni Salamat ay tugon sa walang patid na panibagong atake ng AFP sa mga kampo ng MILF na nagsimula noon pang Disyembre 2002 at nag-ibayo simula nang iutos ni Macapagal-Arroyo noong Pebrero 15 na lipulin ang MILF. Baluktot na ikinatwiran ng mga upisyal ni Macapagal-Arroyo na nilabag ng MILF ang kasunduang tigil-putukan at sinabing dapat na rin itong iturin na "terorista."

Mula noong Pebrero 8, mahigit 120,000 nang mamamayan sa Maguindanao at North Cotabato ang napwersang lumikas bunsod ng pambobomba at operasyon ng AFP.

Dahil sa mga operasyon ng AFP, sinabi ni Salamat na "Wala na ngayong tigil-putukan, wala nang usapang pangkapayapaan."

Sa pagtatanggol sa sarili, naglunsad ng serye ng mga gerilyang kontra-atake ang mga mandirigma ng MILF isang araw makaraang sakupin ng AFP ang "Buliok Complex" na sumasaklaw sa North Cotabato at Maguindanao. Sampung elemento ng Philippine Marines ang namatay sa ambus sa Narciso Ramos Highway sa Parang, Maguindanao, at isang tangke ang nawasak sa Balabagan, Sultan Kudarat noong Pebrero 16.

Noong Pebrero 18, umabot naman sa 16 ang patay at 15 ang sugatan sa mga elemento ng 26th IB, 64th IB at mga paramilitar nang ambusin ang isang sasakyang militar at ilunsad ang iba pang mga reyd sa Matanog, Shariff Aguak at Datu Piang sa Maguindanao at sa Kauswagan, Lanao del Sur. Samantala, hinaras noong Pebrero 22 ang detatsment ng 57th IB sa Barangay Bitu, Datu Odin Sinsuat, Maguindanao. Inambus naman at napatay noong Pebrero 24 sa Sirawai, South Cotabato ang dalawang elemento ng CAFGU; at anim na sundalo sa Buldon, South Cotabato.

Limang sundalo ang napatay nang salakayin ng MILF ang detatsment ng 33rd IB sa Barangay Timbabawan, Tungawan, Zamboanga Sibuguey noong Pebrero 25. Tatlo namang elemento ng 7th IB ang napatay sa Barangay Lagandang, Isulan, Sultan Kudarat nang tambangan sila rito noong Pebrero 28. AB

"AB...,"mula sa pahina 1

Gayundin, napakahalaga ng *AB* sa maagap at tuluy-tuloy na paglilinaw sa mga kasapi, rebolusyonaryong pwersa at mamamayan ng mga prinsipyo at paninindigan ng Partido at rebolusyonaryong kilusan tungkol sa napapanahong mga isyu upang mas mabisang maisulong ang mga rebolusyonaryong gawain sa iba't ibang larangan at saklaw laluna sa harap ng walang tigil na paninira ng imperyalismong US at mga lokal na reaksyunaryo.

Kailangan ding magsilbi itong mabilis na daluyan ng mga organisasyon at kasapi ng Partido at rebolusyonaryong pwersa sa buong bansa para sa palitan ng mga balita, impormasyon, panawagan, karanasan at mga aral sa pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusan sa kabuuan at sa kani-kanilang saklaw.

Patuloy at puspusang nilulutas ng Partido mula sa Komite Sentral hanggang sa mga batayang yunit ang ilang usapin sa paglalabas ng *AB*. Ang mga pagsisikap sa lahat ng antas ay salamin ng pagpapahalaga sa *AB* bilang importanteng instrumento sa tuluy-tuloy na pagpapatalas ng Partido sa pulitika. Mahalaga rin ito sa pagpapanday ng pagkakaisa ng buong Partido sa ideolohiya, pulitika at organisasyon at sa pamumuno nito sa rebolusyonaryong pwersa at mamamayan para sa pagsusulong ng rebolusyonaryong pakikibaka.

Kaakibat ng pagdalas ng paglalabas ng *AB* at mga kaugnay na tungkulin, kinakailangang mapagpasyang harapin at patuloy na lutasin ang sumusunod na mga usapin:

1. Ibayong pagsasaayos, pagpapabilis at pagpapalawak ng sistema ng tuwiran at di-tuwirang pag-uulat o koresponsal upang maagap na mailathala sa *AB* ang kalagayan, usapin at pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan sa lahat ng larangan ng gawain at sa lahat ng panig ng bansa. Sinisikap nating higit na makatugon ang *AB* sa pinakasariwang mga pangyayari at usapin at nang mahusay itong makatulong sa paggabay sa pangkasalukuyan nating mga taktika at praktika. Kailangang matukoy ang mga korespondent sa iba't ibang saklaw ng pagkilos, kabilang ang mga punong kores-

pondent mula sa mga namumunong organo. Sila ang responsable sa pagtitiyak na ang mga balita at impormasyon mula sa kanilang saklaw na dapat maipaabot sa patnugutan ng *AB* ay kaagad natitipon at maagap at maayos na naipararating.

2. Ibayong pagpapalaki ng sirkulasyon ng *AB* upang tiyaking may kopya hindi lamang ang bawat isang kasapi ng Partido, kundi maging ang mga mandirigma ng hukbong bayan, mga lider at aktibista ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa. Obligasyon ng mga namumunong komite ng Partido na organisahin ang reproduksyon ng pahayagan sa kanilang saklaw at palakasin ang makinarya dito upang matugunan ang pangangailangan ng lumalawak na baseng masa.

3. Ibayong pagpapabilis at pagpapahusay ng sistema ng distribusyon. Masusing pag-aralan at tasahin ang pagtitiyak na ang mga kopya ng *AB* ay kaagad at maayos na makararating sa mga mambabasa nito. Masasayang ang lahat ng pagod at gastos sa pagpapaunlad ng iba't ibang aspeto ng pahayagan kung sa dakong huli ay matatambak ito sa mga imbakan at bagsakan nang hanggang linggo at buwan sa halip na agad makaabot sa mga mambabasa. Dapat pursigidong lutasin ang mga bara at problema sa distribusyon at tuluy-tuloy na paunlarin ang sistema ng pagpapakilos at koordinasyon ng iba't ibang bahagi ng kilusan para rito. Ang mga pag-unlad rito ay pakikinabangan hindi lamang sa gawaing propaganda kundi maging sa iba pang gawain at pakikibaka.



4. Higit na pagkakamit ng batayang pagkakaisa sa mga alituntunin sa pagsasalin sa iba't ibang edisyon. Mahalagang higit na mapasigla ang mga palitan at tulungan hinggil sa mga inilalabas na salin ng *AB* upang matiyak ang tuluy-tuloy na mapauunlad ang gawaing pagsasalin.

Kaugnay ng mga ito, nais nating diinan na ang *AB* ay isang malawakang kolektibong pagsisikap ng Partido at rebolusyonaryong kilusang masa—mula sa pagpapadala ng mga ulat/koresponsal at artikulo, paglalathala, pagpaparami, pamamahagi at paggamit nito sa propaganda at edukasyon ng mga pwersa at mamamayan. AB

Ilang tampok na tagumpay sa paglalahathala ng *AB*

- 30 buwang tuluy-tuloy na paglalabas ng buwanang isyu ng *AB* simula Setyembre 2000, bukod pa sa mga espesyal na isyu.
- Isa sa mga katangi-tanging pahayagan sa Pilipinas na nailalathala sa anim na pangunahing lenggwahe sa bansa (orihinal na Pilipino at salin sa Ingles, Bisaya, Iloko, Hiligaynon at—simula Mayo 2002—Waray). Tanda ito ng kapasyahan ng Partido na ilapit ang *AB* sa pinakamaraming mambabasa sa lenggwaheng pinakanaiintindihan nila.
- Mas mabilis na pagpapalaganap ng *AB* sa pamamagitan ng puspusang paggamit ng *internet*. Muling binuhay ang *website* nito noong 2002 matapos itong isabotahe noong Disyembre 2001 sa harap ng ipinatupad na mga paghihigpit sa US.
- Pinararami sa iba't ibang kaparaanan. Sa ilang rehiyon, malaganap ang kolektibong pagsisikap ng buong kilusang masa at tulong din ng alyado sa maramihang reproduksyon sa pamamagitan ng mimeograpiyang dekuryente o *v-type*; ang papel, tinta at iba pang pangangailangan ay madalas napasusulpot sa tulong din ng masa at mga alyado. Bukod sa pangangalap ng materyal na donasyon, sa maramiraming lokalidad ay nagiging mainam na kalakaran na ang pagbabayad ng mga mambabasa sa kopya ng *AB* para masustini at mas mapalaki pa ang sirkulasyon ng pahayagan. Sa iba't ibang rehiyon ay gumagamit din ng mas makabagong paraan tulad ng *offset*, *digital duplicator*, *photocopier*, *computer printer* at iba pa.
- Naipamamahagi nang mahigit sa tig-iisa bawat kasapi ng Partido sa pambansang abereyds. Sa ilan, umaabot nang mahigit 10 bawat kasapi. May antas ng paglaganap ng sistema ng distribusyon na dumadaloy at tumatagos hanggang sa mga liblib na sityo sa kanayunan. AB

Lumalaking sagka

Nahaharap sa isang lumalawak na pandaigdiganang kilusang anti-gera ang planong pagsalakay ng US sa Iraq

Patuloy na aroganteng binabalewala ng imperyalismong US ang malawak na pagtutol ng mamamayan at mayorya ng mga bansa ng mundo sa planong salakayin at saklutin ang bansang Iraq. Lalo itong nagiging desperado sa harap ng lumalakas na pagtutol at ibayong pagkakahiwalay ng US at iilang kasapakat nito.

Nitong Pebrero, mahigit nang 310,000 mga tropa ng US ang nakapaligid sa Iraq. Aabot na rin sa 40,000 tropa ng United Kingdom ang nakapakat doon upang umalalay sa mga tropang Amerikano. Kalakhan ng mga pwersang ito ay nasa hangganan ng Kuwait at nakaumang sa syudad ng Basra sa Iraq. Ang 10,000 pwersang US na nakaistasyon sa Afghanistan ay itinuon na rin sa nakaambang pananalakay. Liban sa ilang susing yunit-militar, kumpleto na ang arsenal ng US sa Middle East.

Gayunpaman, nahaharap sa panibagong mga sagka ang US. Nitong Marso 1, bunga ng malawakang protesta ng mamamayan sa bansa, bigo ang US na ilusot sa parlamento ng Turkey ang pahintulot para sa pagbabase ng pwersang militar ng US sa katimugang bahagi ng bansa. Balak ng US na ipakat sa Turkey ang 62,000 tropang Amerikano, 255 eroplanong pandigma at 65 helikopter para sa opensiba nito laban sa Iraq.

Para mahatak ang mga pwersa ng Iraq sa pagdepensa sa hilaga at timog, malaking bentahe sana ang paggamit ng Turkey bilang lunsaran mula hilaga, kasabay ng paggamit sa Kuwait (at Qatar) mula naman sa timog. Pero dahil tumanggi ang Turkey na maglunsad ng atake mula sa kanila, maoobliga ang US na magbago ng plano at maglunsad ng atake mula sa Black Sea (dagat sa hilaga ng Turkey) o gumawa ng ibang paraan.

Bago ito, tumanggi ang North Atlantic Treaty Organization (NATO) na bigyan ng suportang-militar ang Turkey. Pinangunahan ng Germany, Belgium at France ang pagtanggi sa kahilingan ng US na magpadala ng dagdag na gamit at ayudang militar sa Turkey bilang preparasyon sa anumang "ganting-salakay ng Iraq sa bansa."

Kasabay ng pagkabigo nito sa Turkey, napilitan kahit ang League of Arab States (Arab League) na magpahayag para sa "lubusang pagtakwil sa anumang agresyon laban sa Iraq." Ang Arab League ay binubuo ng 22 bansang nakapalibot sa Iraq.

Sa kabila nito, tuluy-tuloy na binobomba ng mga eroplanong militar ng US ang mahahalagang pasilidad sa katimugang bahagi ng Iraq. Paulit-ulit na ipinagmamayabang ng US na itutuloy nito ang digmang agresyon sa Iraq, may suporta man ito ng UN o wala.

Pagkakahati-hati ng mga imperyalistang bansa

Ang arogansya at unilateralismo ng imperyalismong US ay nagpapalalim sa hidwaan sa hanay ng mga imperyalistang bansa at pagkakahiwalay ng mga pinakamasugid na nag-uupat at sumusuporta sa gera. Nahahati ngayon ang mga bansa sa daigdig sa pagitan ng iilang bumubuo sa mabuway na alyansang maka-US—United Kingdom, Australia at Spain at ilang mga papet na estadong hawak nila—at ng higit na nakararaming bansa sa daigdig na tutol sa gera.

Ang pagmamatigas ng US na salakayin ang Iraq ay lubusan nang naglalantad sa tindi ng kontradiksyon at labis na pagkakahiwalay ng US kahit sa loob ng mga pandaigdigang institusyong itinatag para maging daluyan lamang ng mga patakarang imperyalista.

Sa Marso 7, ihahapag ng US ang resolusyong naghuhusga sa Iraq ng paglabag sa mga alintuntunin ng UN sa paggawa at pagmamantine ng *weapons of mass destruction*, isang kundisyon na nais nitong gamitin upang maging ligal

Sundan sa "Lumalaking...," pahina 7

Pandaigdigang pagtutol sa gera

Sa di pa napapantayang mga kilos-protesta, naipakita ang nagkakaisang paninindigan



Noong Pebrero 14-16, dumagundong sa buong mundo ang pagkundena at pagtutol ng milyun-milyong mamamayan sa mapandigma at mapang-aping patakaran ng imperyalismong US. Ito ay panibagong pagsigla at pagrurok ng kilusang anti-imperyalista sa daigdig.

Katangi-tangi ang inaabot na saklaw ng pagkakaisa ng pandaigdigang kilusang masa laban sa mga digmang agresyon ng US sa pangkalahatan at laban sa nakaambang pananalakay nito sa Iraq sa partikular. Tinututulan din nito ang iba pang kasalukuyang digmang agresyon ng US: ang agresyon nito sa Afghanistan, ang pagsisimula sa Pilipinas at ang patuloy na pagbasbas at pagsuporta nito sa agresyon ng Israel laban sa Palestine.

Mahigit 12 milyong mamamayan ang koordinadong dumagsa sa mga pangunahing lansangan at pampublikong lugar sa Europe, America, Asia, Africa at Latin America. *(Tingnan ang talaan)* Maging sa kaduluhu-duluhan ng mundo—sa Antarctica—nagtipon ang mga syentista at mananaliksik na nakabase roon upang makiisa sa buong daigdig. Gamit ang *internet* at iba pang paraan, nakoordina at natipon ang napakalawak na pagtutol sa panggegera ng US sa Iraq.

Sa mga susing syudad sa Europe at North America (Canada at US), ang mga demonstrasyon noong Pebrero 14-16 ang pinakamalaki at pinakamasaklaw na sa kanilang kasaysayan. Nahigitan na ng mga ito ang pinakamalalaking rali noong panahon ng gera sa Vietnam.

Sa iba pang bahagi ng daigdig, bumubwelo at lumalakas ang mga kilusang protesta, laluna laban sa mga papet na estadong masugid na sumusuporta sa patakarang agresyon ng US.

Dahil dito, napipigilan ang nakararaming papet na estado na tahasang sumuporta sa agresyon. Sa mga bansa kung saan pinakamalakas ang protesta, mabilis na nahihiwalay sa malawak na mamamayan ang pinakamasusugid na tagasuporta ng digma.

Maging sa hanay ng mga reaksyunaryo, dumarami ang tumututol. Nabiyak ang reaksyunaryong uri ng Turkey nang bumoto ang 251 myembro ng parlamento nito laban sa balak ng US na gawing base ng gera ang kanilang bansa. Sa United Kingdom, maramihang bumoto ang mga kapartido ni Prime Minister Tony Blair laban sa kanyang panukalang bulag na suportahan ang pandidigma ng US.

Sa loob ng US, mahigit 80 lokal na konseho, kabilang ang konseho ng syudad ng Los Angeles, ang naghapag ng resolusyon laban sa planong digma ng gubyernong Bush.

Walang pagod na nangangampanya at naglulunsad ang mamamayan ng iba-ibang porma ng pagki-

Sundan sa "Pandaigdigang...," pahina 8

"Lumalaking...," mula sa pahina 6

ang pananalakay sa Iraq. Hindi pa man ito pormal na naihahapag, nagpahayag na ang karamihan sa mga bansa ng pagtutol dito, lalupa't hindi sinusuportahan ng *weapons inspection team* ang pagtatasang ito ng US.

Isinisigaw din ng nakararaming maliliit at atrasadong bansa ang pagtutol nila sa aroganteng pamamayagpag at panggegera ng imperyalismong US. Sa ika-13 kumperensya ng Non-aligned Movement (NAM) noong Pebrero 24-25, nagkaisa at pumirma ang 116 na kasaping bansa nito ng resolusyon laban sa paglulunsad ng US ng gera sa Iraq. Sa pananaw ng NAM, layunin ng paggegera ng US na pag-ibayuhin ang dominasyon nito sa daigdig. Ang US ngayon ang itinuturing nilang pinakamalaking banta sa nakararaming atrasadong bansa. AB

"Pandaigdigang...,"mula sa pahina 7

los. Nagsulat ng mga tulang kontra-gera ang mahigit 5,000 makata bilang ambag sa lumalawak na kilusang masa. Naglabas ng mga patalastas sa radyo at telebisyon ang mga artista, atleta at iba pang kilalang personalidad. Kinutya sa mga dula sa UK ang aroganteng asta ng presidente ng US. Inorganisa ng mahigit 400,000 aktibista ang mga *phone*, FAX at *internet brigade* ng mamamayan para bahain ng milyun-milyong protestang mensahe ang White House at iba pang tanggapan ng gubyerno sa US. Sa Malaysia, pumirma ang halos isang milyong katao sa petisyon laban sa gera.

Marami ring mga mapanlikha at di pangkaraniwang porma ng protesta. Dumayo sa Iraq ang ilang grupo upang maging mga "taong-kalasag" *(human shields)* at gumitna sa mga tatargetin ng mga bomba ng US. Daan-daang kababaihan at kalalakihan ang magkahiwalay na nagprotestang nakahubad sa Australia, US at Chile.

May ilang grupong naglunsad ng *citizens weapons inspection* sa US at mga kaalyado nitong bansa sa Europe. Patutunayan nilang ang US sa halip na Iraq ang siyang malaking banta sa seguridad ng mundo, dahil ito ang may pinakamaraming armas nukleyar, biolohikal at kemikal—na tinaguriang mga armas para sa maramihang pamiminsala. Mayroon ding nagprotesta sa pamamagitan ng pagharang ng mga tren na nagdadala ng mga gamit pandigma ng US patungo sa Middle East.

Tuluy-tuloy ang protesta. Libu-libong estudyanteng Amerikano ang lumabas sa kanilang mga silid-aralan nitong Marso 5. Sa ilalim ng programang "Books not War" (Libro, hindi gera), pinaabot nila ang kanilang pakikiisa sa mga estudyanteng Iraqi na lubos na maaapektuhan ng digmang agresyon.

Sa Turkey, lumabas sa lansangan ang 100,000 mamamayan upang iparating ang kanilang pagtutol sa mga myembro ng kanilang parlamento habang nagbobotohan sa resolusyon tungkol sa pagpapapasok ng dagdag na tropang Amerikano sa Turkey. Nang bigong ipasa ang panukala, ibayong lumaki ang demonstrasyon upang ipagdiwang ang kanilang tagumpay.

Sa Malaysia nitong Pebrero 24, umabot sa 200,000 ang nagrali sa sentrong syudad. Umabot naman sa 100,000 ang nagprotesta sa Pakistan nitong Marso 4. AB

Mga tampok na pagkilos noong Pebrero 14-16

- **Italy:** Rome, Monza, Turin: 2.5 milyon
- **Spain:** Madrid; Barcelona, Seville, Oviedo, Las Palmas, Cadiz, Girona: 3.68 milyon
- **Britain:** London: 1.5-2 milyon
- **France:** Paris, Montpellier, Lyon: 840,000
- **US:** New York City, Los Angeles, Seattle, Minneapolis, San Diego, Philadelphia: 910,000
- **Germany:** Berlin, Stuttgart: 55,000
- **Australia:** Melbourne, Newcastle, Perth, Canberra: 255,000
- **Greece:** Athens, Thessalonika: 240,000
- **Canada:** Montreal, Toronto, Vancouver, Edmonton: 270,000
- **Ireland:** Dublin, Belfast: 170,000
- **Belgium:** Brussels: 100,000
- **Portugal:** Lisbon: 100,000
- **The Netherlands:** Amsterdam, 80,000
- **Sweden:** Stockholm, Gotenborg, Malmo: 80,000
- **Scotland:** Glasgow: 100,000
- **Norway:** Oslo, Trondheim, Stavenger, Bergen: 84,000
- **Mexico:** Mexico City: 50,000
- **Uruguay:** Montevideo: 50,000
- **Denmark:** Copenhagen: 35-40,000
- **Austria:** Vienna: 30,000
- **Japan:** Tokyo: 25,000
- **Hungary:** Budapest: 20,000
- **Basque Country** (Spain): Irunea: 20,000
- **Luxembourg:** 15-20,000
- **Brazil:** Rio de Janeiro, Buenos Aires, Sao Paolo: 60,000
- **Finland:** Helsinki, Turku: 20,000
- **India:** Calcutta: 10,000
- **South Africa:** Johannesburg, Capetown: 15,000
- **Croatia:** Zagreb: 10,000
- **New Zealand:** Auckland, Wellington, Christchurch, at iba pa: 21,500
- **Iraq:** Baghdad: 100,000
- **Egypt:** Cairo: 2,000
- **Korea:** Seoul: 10,000
- **Philippines:** Manila: 6,000
- **Palestine:** Gaza: 15,000
- **Switzerland:** Bern: 40,000
- **Syria:** Damascus: 200,000
- **Thailand:** Bangkok, Pattani: 13,000
- **Turkey:** Istanbul: 5,000
- **Peru:** Lima: 5,000

100,000, nagrali sa Luneta

Umabot sa 100,000 katao ang dumalo sa Prayer Assembly for Peace sa Quirino Grandstand, Luneta (Rizal Park) noong Pebrero 28 upang ipahayag ang kanilang mariing pagtutol sa gera kapwa sa Iraq at sa Mindanao. Mula sila sa hanay ng mga maralita, petiburgesya, pambansang minorya at iba't ibang relihiyon at sekta. Ang rali ang pinakamalaki sa sunud-sunod na mga pagkilos sa Pilipinas mula Enero laban sa mapanalakay na gera ng US sa Iraq.

Bukod sa mga kasapi ng mga militanteng organisasyon tulad ng BAYAN at Bayan Muna, dumalo rin si Vice President Teofisto Guingona at mga lider at kinatawan ng iba pang institusyon tulad ng Catholic Bishops Conference of the Philippines.

Sinabi ni Rafael Mariano ng BAYAN na lubhang nag-iisa na si Macapagal-Arroyo sa kandungan ni Bush at ng mga kasapakat nitong uhaw na uhaw sa gera. Iginiit niya na dapat kagyat iatras ni Macapagal-Arroyo ang lahat ng tropa ng US sa Mindanao upang hindi maulit sa bansa ang trahedyang tulad ng gera sa Vietnam. Binasa rin sa rali ang mensahe ni Jaime Cardinal Sin, na nagbabalala laban sa "mga kaaway ng kapayaan". Binatikos naman ni Guingona ang lumalakas na interbensyon ng US sa bansa.

Naglunsad rin ng iba't ibang anyo at paraan ng pagpoprotesta sa iba't ibang dako ng bansa. Sa UP Diliman, Quezon City, nagdaos ng Peace Concert. Noong Pebrero 27, mahigit 500 estudyante ang naglamay sa UP Los Baños. Sa Pangil, Laguna, nagsindi ng mga kandila ang mamamayan. Kinabukasan, sa Crossing, Los Baños, Laguna, 4,000 myembro ng Justice Not War Coalition-ST ang nagdaos ng *prayer rally* bago dumiretso sa Maynila. Mga 1,000 katao mula sa pitong prubinsya ng Gitnang Luzon ang nagrali sa Angeles City sa pamumuno ng Bayan. Nagsindi ng mga kandila sa Peñaranda Park ang mga estudyante at titser ng walong paaralan sa Legazpi City, Albay sa pamumuno ng Promotion of Church People's Response (Bicol). Mahigit 1,000 ang nagdasal noong gabi ng Pebrero 28 sa St. Ferdinand Cathedral, Lucena City. May mga pagkilos din sa Baguio City ang Innabuyog-Gabriela. Nagtipon din ang mga nagpoprotesta sa Immaculate Conception Cathedral sa Puerto Princesa City, Palawan.

Idineklara ng mga organisador ng rali na masusundan ito ng marami pang mga porum at martsa para sa kapayapaan sa iba't ibang dako ng bansa. AB



Galamay ng US

Sa pamamagitan ng AGILE, tuwirang pinakikialaman ng US ang ekonomya ng Pilipinas

Tumambad kamakailan sa mata ng publiko ang mga kongkretong ebidensya ng malalim at malaganap na panghihimasok ng gubyernong US sa mga panloob na usaping pangkabuhayan ng Pilipinas.

Nabunyag nitong Pebrero na nagmamantine ang US ng mga tauhan at upisina sa mahahalagang kagawaran at ahensyang pang-ekonomya ng gubyerno sa pamamagitan ng AGILE (o Accelerating Growth, Investment and Liberalization with Equity). Ang AGILE ang nagtitiyak para sa US na napagtitibay hanggang sa pinakapinong detalye ang mga kinakailangang batas at programang pang-ekonomya ng Pilipinas alinsunod sa patakaran ng imperyalistang "globalisasyon".

Ang AGILE ay isang programang pormal na binuo noong 1998 na may layuning ipatupad ang mga batas at patakarang iginigiit ng US para sa todo-todong liberalisasyon ng ekonomya ng Pilipinas. Itinatag ito ng Development Alternatives, Inc. (DAI), isang kumpanyang Amerikanong malaon nang may mahigpit na kaugnayan sa gubyernong US at espesyalisado sa pagtutulak sa iba't ibang bansa ng mga "repormang panggubyerno" na pabor sa US. Para ipatupad ang proyektong AGILE sa Pilipinas, tumanggap ang DAI ng $41.2 milyon mula sa US Agency for International Development. Si US Ambassador Francis Ricciardone ang nagsisilbing lokal na tagakoordina ng mga proyekto ng DAI sa Pilipinas. Kasabwat din ng AGILE ang mga ahen-

syang kapwa galamay ng imperyalismong US, tulad ng Asia Foundation, Center for Research and Communications at ang Foundation for Economic Freedom. Pawang pinopondohan din ang mga ito ng US at kilalang mga prente at pugad ng mga ahente ng US Central Intelligence Agency (CIA) sa Pilipinas.

Ang AGILE ay may mga upisina sa loob ng mahahalagang ehekutibong departamento at ahensya ng gubyerno, kabilang ang Bangko Sentral ng Pilipinas.

Ang mga nakatanim nitong 99 na tauhan sa naturang mga upisina ang nagsisilbing utak ng mga panukala, batas at patakarang itinutulak ng naturang mga departamento at ahensya. Ang mga ito ay may mahalagang kinalaman sa takbo ng ekonomya ng bansa, lalo na kaugnay sa liberalisasyon ng kalakalan at pamumuhunan. Mayroon ding mga tauhan ang AGILE na nakatutok sa Kongreso at Senado upang tiyaking mapagtitibay ang mga panukalang batas sa Pilipinas na gustong itulak ng US. Nagbibigay at nag-aayos ang AGILE na malalaking "tulong pampinansya" sa mga programa at proyekto ng mga "hinihimok" nitong mga upisyal ng gubyerno.

Sa gabay ng AGILE, naisabatas at ipinatupad ang pinakamahahalagang hakbangin ng reaksyunaryong estado sa nagdaang dalawa hanggang tatlong taon. Kabilang dito ang sumusunod: General Banking Act of 2000, Electric Power Industry Reform Act, Retail Trade Liberalization Act, Securities Regulations Code, Electronic Commerce Law, Customs Valuation Law, Judicial Reform Project, Special Purpose Assets Vehicle, Air Transport Agreement at iba pa. Ang mga ito ay pawang nagiibayo ng liberalisasyon ng ekonomya.

Puspusan din ang pagtutulak ng AGILE sa pribatisasyon ng mga ahensya ng gubyerno. Ito ang nasa likod ng pagbubuwag ng National Food Authority at pag-aalis ng mga taripa sa mga produktong agrikultural alinsunod sa mga probisyon ng GATT at WTO. Ito rin ang pangunahing promotor ng pagbubuwag ng Bureau of Internal Revenue para mapalitan ng National Authority for Revenue Administration.

Sangkot din ang AGILE sa pagsusulat at pagtutulak sa Kongreso ng Anti-Money Laundering Act (AMLA). Ang pagpapatupad ng AMLA ay puspusang iginigiit ng US para diumano ipitin ang pondo ng mga "terorista". Nais nitong bigyan ng malawakang awtoridad ang gubyerno na usisain ang alinmang *bank account* na itinuturing nitong kahina-hinala. Labag ito sa dati nang umiiral na mga patakaran sa pagiging pribado ng mga transaksyon sa bangko.

Hindi na kagulat-gulat ang nabunyag na direktang panghihimasok ng imperyalismong US sa pamamagitan ng AGILE. Hindi rin kagulat-gulat na bulag itong ipinagtatanggol ng papet na gubyerno. Upang isalba ang sarili at iwasan ang dagdag na pagkamuhi ng mamamayan, pilit na ipinalalabas ng Malakanyang na nagbibigay lamang ng "payo" at pag-aaral ang AGILE.

Sa harap ng pagkakabulgar ng mga tuwirang dikta at pakikialam ng US sa mga patakaran at batas ng Pilipinas, ipinagpipilitan pa ng Malakanyang at Kongreso na "hindi ang AGILE kundi ang gubyerno lamang" ang nagdedesisyon sa pagbubuo ng mga batas. Dahil dito, lalo lamang tumitingkad ang pagkapapet ng reaksyunaryong estado.

Kinukumpirma ng lahat ng mga ito ang matagal nang sinasabi ng Partido at rebolusyonaryong kilusan na lubus-lubusan ang paghaharing neokolonyal ng US sa Pilipinas at ang gubyerno nito ay isa lamang papet na gubyernong nasa kontrol ng imperyalismong US. Sa harap ng pagtampok din ngayon ng pakikialam ng US sa mga panloob na usaping militar at pampulitika sa bansa, ang napapanahong pagkakabunyag ng mga ginagawa ng AGILE ay nagpapakita kung gaano kakumprehensibo at walang patawad ang pakikialam ng US sa lahat ng aspeto ng buhay-panlipunan sa Pilipinas.

Pinatutunayan ng mga ito ang kawastuan at mahigpit na pangangailangan na isulong ang rebolusyonaryong pakikibaka para makalaya mula sa saklot ng imperyalismong US. AB

Ilan sa mga ahensyang pinatatakbo ng AGILE

- Bangko Sentral ng Pilipinas
- Department of Finance
- Department of Budget and Management
- Department of Trade and Industry
- Securities and Exchange Commission
- Bureau of Internal Revenue
- Bureau of Customs
- Philippine Stock Exchange
- National Telecommunications Commission
- National Economic Development Authority
- Department of Transportation and Communications
- Department of Agriculture

Sunud-sunod na mga opensiba, inilunsad ngayong Pebrero

Sunud-sunod na dagok mula sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang tinamo ng mga reaksyunaryo at papet na tropang militar nitong Pebrero.

Mga tropa ng Philippine Army, CAFGU tinambangan sa Capiz. Napatay ang anim na tropa ng Special Operations Team (SOT) ng Task Force Panay at isang elemento ng CAFGU sa isang ambus noong Pebrero 24 ng mga Pulang mandirigma ng Jose Percival Estocada Command-Central Front sa Barangay Daan Sur, Tapaz. Isa pang sundalo ang nasugatan. Humiwalay ang nasabing pangkat sa 18 kataong platun ng 12th IB nang matambangan sila habang tumatawid sa Sapa ng Sibaguan.

Nalipol ang halos buong pwersa ng kaaway at nasamsam sa kanila ang apat na M16, isang M203, isang M14 at isang UHF na radyo. Sa kabilang panig, ayon sa Coronacion "Waling-Waling" Chiva Command-Panay, naging martir sa labanang ito si Ismael "Ka Bob" Geganto, lider ng pananambang.

10 mataas na kalibreng armas, nasamsam sa Agusan del Sur. Isang walang putok na reyd ang isinagawa ng mga Pulang mandirigma laban sa detatsment ng 36th IB noong Pebrero 16 sa Barangay Zamora, Talacogon. Nakasamsam sila ng pitong M14, dalawang M16, isang Garand, iba't ibang kalibre ng bala at mga unipormeng patig.

Detatsment ng pulis, nireyd sa Sorsogon. Tatlong pulis ang napatay at isang M16 ang nasamsam ng BHB sa isang reyd sa Gubat noong gabi ng Pebrero 14. Naisagawa ng BHB ang mapangahas na reyd sa Kababayan Police Assistance Center na 300 metro lamang ang layo sa Gubat Municipal Police Station at sa himpilan ng 508th Mobile Police Group at 21st IB. Bago ito, magkakasabay na hinaras ng BHB noong gabi ng Pebrero 13 ang mga detatsment ng PNP sa Barangay Tandaay, Nabua at Barangay Parubcan, Presentacion, kapwa sa Camarines Sur.

10 sundalo, patay sa Zambales. Taliwas sa ulat ng Northern Luzon Command (Nolcom), hindi dalawa kundi 10 tropa ng 24th IB ang namatay sa sagupaan sa Barangay Cabauatan, Botolan noong Pebrero 1 (hindi Pebrero 7, gaya ng unang naiulat). Marami ring pwersang militar ang sugatan, ayon sa pagtutuwid ni Jose Agtalon, tagapagsalita ng Josefino Corpuz Command ng BHB-Gitnang Luzon. Pinabulaanan din niya ang ulat ng militar na 18 mandirigma ng BHB ang nasawi sa labanan. Ayon kay Agtalon, isang Pulang mandirigma ang naging martir sa labanan.

Bunga ng kanilang pagkatalo, binalingan ng mga pasistang militar ang mga pinaghihinalaang simpatisador ng rebolusyonaryong kilusan. Ayon kay Agtalon, minasaker ng mga sundalo ng 24th IB ang isang anim-kataong pamilyang Aeta sa Sityo Palis, Barangay Magisgis, Botolan. Naghasik din sila ng karahasan sa kanugnog na Sityo Nakolkol.

Pusakal na hepe ng pulis, pinarusahan sa Cavite

Matagumpay na pinarusahan ng mga espesyal na operatiba ng Melito Glor Command (BHB-Timog Katagalugan) noong umaga ng Pebrero 14 si Sr. Supt. Eriberto Paglinawan, pusakal na hepe ng pulisya sa Cabuyao, Laguna. Isinagawa ang pagpaparusa sa Barangay Lumil, Silang, Cavite. Nasamsam ng BHB ang kanyang M14 at .45 na pistola.

Ayon sa pahayag ni Tirso "Ka Bart" Alcantara, tagapagsalita ng Melito Glor Command, ang pinakahuling mga kaso ni Paglinawan ay ang dalawang beses na tuwirang pamumuno sa marahas na pagbuwag sa mga barikada at piketlayn ng mga nagwewelgang manggagawa sa Nestlé-Philippines sa Sala, Cabuyao, Laguna. Sa isang insidente na naganap noong Hunyo 3, umabot sa 17 manggagawa ang nasugatan, kabilang ang mga nabalian ng braso, pumutok ang ulo at nabalian ng balikat. Marami pang iba ang walang awang pinagpapalo, binugbog, binato at binomba ng tubig na may halong kemikal at tinirgas. Nagsagawa rin siya ng pagsosona, pananakot at paniniktik sa mga komunidad na mahigpit na sumusuporta sa welga.

Matagal nang aktibo si Paglinawan sa kampanyang paniniktik at "anti-insurhensya". Bago maging hepe ng Cabuyao PNP noong 1988, si Paglinawan ay nakatalaga sa Regional Intelligence and Investigation Division sa Camp Vicente Lim sa Laguna.

Amerikanong upisyal, namataan sa Bikol

Namataang umiikot sa mga sonang gerilya sa Bikol si US Army Maj. Jeffrey D. Antonio. Bahagi ito ng paghahanda sa Bikol bilang eryang pagsusubukan ng mga konsepto at taktikang kontra-gerilya na gustong ipatupad ng US sa Pilipinas.

Tiniyak ng mga pwersa ng 203rd, 901st at 902nd Brigade ang seguridad ni Maj. Antonio sa pag-ikot sa mga lugar na balak pagdausan ng inihahanda umano niyang "US-RP humanitarian assistance" sa rehiyon. Kaugnay nito, naglunsad ng malawakang *clearing operations* ang mga naturang tropa ng AFP.

Dalawang araw matapos ang naturang "pagbisita", inilunsad ang unang Regional Area Coordinating Center ng KALAHI (Kapit Bisig Laban Sa Kahirapan). Taliwas sa pangalan ng programang ito, ang pangunahing layunin at kabuuang nilalaman nito ay ang pagkokoordina at pagkukumbina ng militar, pulis at burukratikong makinarya gayundin ang inisyatibang pampropaganda at diplomatiko para sa isang kumprehensibong programang "kontra-insurhensya". Bahagi ito ng National Internal Security Plan na binuo ng Cabinet Oversight Committee on Internal Security ng Malakanyang. Kabilang sa "diplomatikong" inisyatiba ang itinatayo sa Bikol na "US-RP humanitarian assistance."

Welga sa Central Azucarera de Tarlac, tagumpay

Naipanalo ng 661 welgista noong Pebrero 27 ang halos lahat ng kanilang hinihiling sa nagmamay-ari ng Hacienda Luisita at Central Azucarera de Tarlac (CAT) pagkatapos ng anim na araw na welga.

Pangunahin sa mga nakamit ng mga manggagawa ang pagbabalik ng mga benepisyong medikal para sa mga kasapi ng Central Azucarera de Tarlac Labor Union (CATLU); kagyat na pagtatalaga ng mga regular na empleyado sa mga nabakanteng pusisyon; at pagpapa-regular sa mga *seasonal* na manggagawang nakapagtrabaho na nang anim na buwan.

Sinuportahan ang CATLU ng mga kasapi ng Kilusang Mayo Uno-Nagkakaisang Manggagawa ng Tarlac (KMU-NMT).

Ang Hacienda Luisita at CAT ay pag-aari ng magkakapatid na Cojuangco, kabilang si dating Presidente Corazon Aguino at dating Cong. Jose Cojuangco, Jr., na ngayon ay isa sa mga tagapayo ni Macapagal-Arroyo.

Pakikibaka sa Lepanto Mines, panalo

Nagtagumpay ang welga ng mga manggagawa sa Lepanto Consolidated Mining Company (LCMC) nitong Marso 2 nang pumayag ang maneydsment na pabalikin sa trabaho ang 24 sa 42 lider ng unyon na pinatalsik ng LCMC (ang natitirang 18 ay kusa nang umalis sa LCMC pagkatapos makatanggap ng *separation pay* at iba pang benepisyo).

Bago ito, ilang beses na inatake ng mga pulis ang piketlayn sa tangkang buwagin ang welga. Dalawampu't anim na welgista ang inaresto, isa ang inatake sa puso at namatay dahil sa gitgitan sa piketlayn at marami ang pinagbubugbog nang salakayin ng mga pulis ang hanay ng mga welgista noong Pebrero 8, 18 at 19.

Inilunsad ng mga manggagawa ang welga noong Pebrero 1 para labanan ang sapilitang pagpapatrabaho kahit Pasko, ang mas mahabang araw ng paggawa at pagdaragdag ng mga manggagawang kontraktwal. Ang welga ay sinuportahan ng Cordillera Peoples Alliance, Kilusang Mayo Uno at Dinteg-Cordillera Human Rights Organization.

Ang LCMC ang isa sa pinakamalalaking prodyuser ng ginto at tanso sa bansa at may 2,586 na pwersa sa paggawa. Kumikita ito ng $47 milyon (mahigit P2.54 bilyon) bawat taon sa pag-eeksport ng mga mineral.

Transportasyon sa Pampanga, Bulacan at Negros, paralisado sa mga welga



Paralisado ang pampublikong transportasyon sa Pampanga nitong Marso 4 at sa Bulacan noong Pebrero 24 dahil sa malawakang welga ng ilang libong drayber ng dyip at traysikel upang tutulan ang sobrang taas ng singil para sa pagpapasuri ng kanilang mga sasakyan sa ilalim ng Clean Air Act. Tinutulan din nila ang patuloy na pagtaas sa presyo ng langis.

Sa Pampanga, paralisado ang 90% ng transportasyon sa buong Angeles City at mula sa syudad patungong Mabalacat at Tarlac. Paralisado rin ang 70% ng transportasyon sa San Fernando.

Sa Bulacan, nagbarikada ang mga drayber sa Malolos City, Meycauayan, Baliuag, Plaridel, Pulilan at Sta. Maria.

Natigil din ang halos 95% ng transportasyon sa Negros Occidental at ilang bahagi ng Negros Oriental noong Pebrero 20-21 nang magwelga ang mga kasapi ng United Drivers-Operators Center (UNDOC) sa Bacolod City para tutulan ang Clean Air Act.